

Makadiyos at Tapat

(Pambungad na Panalangin, pahina ii)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Kar 18:6-9)

⁶ANG MANGYAYARI sa gabing yaon ay ipinagpauna mong sabihin sa aming mga ninuno, upang magalak sila sa kaganapan ng iyong mga pangako sa kanila. ⁷Alam ng iyong bayan na **ililigtas** mo ang mga matuwid at parurusahan ang kanilang mga kaaway. ⁸Ang paraang ginamit mo sa pagpaparusa sa aming mga kaaway ay siya mo ring ginamit na pantawag sa amin, upang kami'y bahagin mo ng iyong kaluwalhatian. ⁹Ang mga tapat na anak ng mabuting bayang ito'y lihim na naghahandog. Nagkaisa silang sumunod sa mga utos ng Diyos at magsama sa hirap at ginhawa. Noon pa'y inaawit na nila ang matatandang awit na ito ng papuri.

Tema: Pagliligtas (Kalayaan)

PAGPAPALIWANAG/PAGNINILAY

- Ang Pagbasa ay tungkol sa pagliligtas o kalayaan ng Israel. Ito man din ay inaasahan ng mga Patriyarka ng Israel (Abraham, Isaac, Jacob at 12 na tribo.) Ang mga salita na dapat intindihin sa konteksto ng gabi ng *Passover* (Piyesta ng Tinapay na Walang Lebadura) (b.6) ang pangyayari sa Exodo. Ang mga Israelita ay may dahilan upang lisanin ang Ehipto. Ang paglisan sa Ehipto ay nangangahulugan ng pagliligtas ng mga Israelita gayon din ang paglupig sa kanilang mga kaaway (b.7).
- Ang paglisan sa Ehipto ay isang kaparusahan sa mga kaaway ng Israel, pagpupuri naman para sa mga Israelita (b.8).
- Sa b. 9 nangangahulugan ito ng simbulo ng kalayaan: paghahain ng alay, pagbubuo ng sambayanang Israel.



SALMONG TUGUNAN (Slm 33:1, 12, 18-19, 20-22)

MAPALAD ANG IBINUKOD NA BANSANG HINIRANG NG D'YOS.

IKALAWANG PAGBASA (Heb 11:1-2, 8-19)

¹Tayo'y may **pananalig** kung nagtitiwala tayong mangyayari ang mga inaasahan natin, at naniniwala sa mga bagay na di natin nakikita. ²At kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong una dahil sa kanilang pananalig sa kanya.

⁸Dahil sa **pananalig** sa Diyos, tumalima si Abraham nang siya'y papuntahin ng Diyos sa lupang ipinangako sa kanya. At humayo siya, bagamat hindi niya alam kung saan paroroon. ⁹Dahil din sa kanyang pananalig, siya'y nanirahan bilang dayuhan sa lupang ipinangako sa kanya ng Diyos. Tumira siya sa mga tolda, kasama nina Isaac at Jacob na kapwa tumanggap ng gayon ding pangako mula sa Diyos, ¹⁰habang hinihintay niyang maitatag ang lunsod, na ang nagplano at nagtayo ay ang Diyos.

¹¹Dahil din sa **pananalig** sa Diyos, si Sara, bagamat matanda na, ay niloob ng Diyos na magkaanak, sapagkat nanalig siya na tapat ang nangako. ¹²Kaya't sa taong maituturing na halos patay na ay nagmula ang isang lahi na naging kasindami ng bituin sa langit at ng buhangin sa dalampasigan. ¹³Silang lahat ay namatay na may pananalig sa Diyos. Hindi nila nakamtan ang mga ipinangako ng Diyos, ngunit natanaw nila iyon mula

sa malayo. Kinilala nilang sila’y dayuhan lamang at nangingibang-bayan dito sa lupa.¹⁴Ipinikilala ng mga taong nagsasalita nang gayon na naghahanap pa sila ng sariling bayan.¹⁵Kung ang naaalaala nila’y ang lupaing pinanggalingan nila, may pagkakataon pang makabalik sila roon.¹⁶Ngunit ang hinahangad nila’y isang lunsod na lalong mabuti, yaong nasa langit. Kaya’t hindi ikinahiya ng Diyos na siya’y maging Diyos nila, sapagkat ipinaghanda niya sila ng isang lunsod.¹⁷At nang subukin ng Diyos si Abraham, pananalig din ang nag-udyok sa kanya na ihandog si Isaac bilang hain sa Diyos. Handa siyang ihandog ang kaisa-isa niyang anak, gayong ipinangako sa kanya ng Diyos¹⁸na kay Isaac magmumula ang maging lahi niya.¹⁹Naniniwala siyang muling mabubuhay ng Diyos si Isaac. At sa patalinghagang pangungusap, naibalik nga sa kanya si Isaac mula sa mga patay.

Tema: Pananalig

PAGNINILAY

Ang may akda ay naniniwala na ang lahat ng bagay ay possible kung may pananampalataya.

MABUTING BALITA (Lc 12:35-40)

NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad,³²“Huwag kayong matakot, munting kawan, sapagkat ikinalulugod ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang kaharian.³³**Ipagbili** ninyo ang inyong ari-arian, at mamigay kayo sa mga dukha! **Gumawa** kayo ng mga lukbutang hindi naluluma, at **mag-impok** ng kayamanan sa langit, na hindi nakukulangan sapagkat doo’y walang makakalapit na magnanakaw at walang makapaninirang tanga.³⁴Sapagkat kung saan naroon ang inyong kayamanan ay naroon din naman ang inyong puso.

³⁵Maging handa kayo at **sindihan** ang inyong mga ilawan.³⁶Tumulad kayo sa mga taong naghahintay sa pag-uwi ng kanilang panginoon mula sa kasalan, para pagdating niya ay mabuksan agad ang pinto.³⁷Mapalad ang mga alipin na abutang **nagbabantay** pagdating ng kanilang

panginoon. Sinasabi ko sa inyo, maghahanda siya, padudulugin sila sa hapag, at maglilingkod sa kanila.³⁸Mapapalad sila kung maratnan niya silang handa, dumating man siya ng hatinggabi o madaling-araw siya dumating.³⁹Tandaan ninyo ito: kung alam lamang ng puno ng sambahayan kung anong oras darating ang magnanakaw, hindi niya pababayaang pasukin ang kanyang bahay.⁴⁰Kayo ma’y dapat **humanda**, sapagkat darating ang Anak ng Tao sa oras na hindi ninyo inaasahan.”

Tema: Pagsisilbi

PAGPAPALIWANAG/PAGNINILAY

Hinabilin ni Hesus mismo ang kanyang sarili sa kanyang mga disipulo. Nang may pangako sa kaharian ng Diyos. Nagagalak ang Diyos na sila ay makapiling niya sa kanyang kaharian. Kaakibat nito, ang disipulo ay kailangang bitawan ang kanyang pagmamay-ari at higit na maging matulungin sa mga mahihirap.

Samakatuwid sila ay mga disipulo ng Diyos at sila ay para sa Diyos. Kailangan baguhin ang sistema ng kanilang pamumuhay. Nangangailangang maisentro ang isip sa yaman na hindi mananakaw o masisira ninuman.

Ang Kristiyano ay dapat may mabuting asal, yaong mga tinuruan ni Hesus. Kung ang isang Kristiyano ay naturuang maging makalangit, gayun din ang kanyang puso.

Ang Kristiyano ay dapat na matalino, maliksi at laging handa na magsilbi sa Panginoon sa panahong walang nakababatid sa kanyang pagdating. Pinupuri ni Hesus ang mga tagasunod na laging listo sa panganib. Si Hesus ay nagsisilbi sa kanyang kapwa bilang halimbawa na hindi dapat tayo ang pinagsisilbihan, samakatuwid tayo dapat ay naglilingkod. Inuulit nito ang sinabi ni Hesus sa b.37. Tulad ng may-ari ng bahay na laging listo, hindi niya pinahihintulatang mabigyan ng pagkakataon na ibaba ang seguridad ng kanyang tahanan, paalala na dapat maging handa ang mga tagasunod ni Kristo.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay sumasalamin sa kalayaan ng mga Israelita na mga tagasunod ng Diyos. Ang Ikalawang Pagbasa ay tungkol kay Abraham, siya na may pananampalataya. Ang Ebanghelyo ay nangungusap patungkol sa pananampalataya at tunay na mga sumasampalataya sa Diyos.

Gabay sa pagbuo ng Homiliya/Pagbabahagi

Simulan ang usapin tungkol sa katulong, *domestic helpers (DH)*. Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging *DH* dito o sa labas man ng bansa.

Positibo at negatibong mga karanasan: malaking sahod, maayos na trabaho at nasa may magandang kinalalagyan kung ang isang *DH* ay na nunungkulan sa isang mabuting amo. Kung hindi man, mababa ang sahod, kinukuha ang pasaporte, pinagsasamantalahan, at kawalan ng paggalang. Mayroon tayong dalawang uri ng *DH*. Una ay yaong mapagkakatiwalaan, ikalawa ay hindi o iresponsable. Ang taong mapagkakatiwalaan ay siyang inaatasan ng Maestro na magturo ng Ingles maging sa panalangin para sa kanyang mga anak. Ang taong hindi mapagkakatiwalaan ay laging napupuna at napapagalitan. Dahil ang tahanan ay kalat-kalat. Laging mainit ang telebisyon. Tambak tambak na mga labahin at iba pa.

Ang Ebanghelyo ay nangungusap patungkol sa tunay na mga mananambahay. Tayong mga Kristyano ay mga mananambahay. Ang ating amo ay ang Diyos. Tayo ay gumagapas sa kanyang bakuran, sa kanyang kaharian.

Ang Diyos ay nag-aanyaya sa atin na maging isang responsableng mga mananambahay. Laging handa sa pagtupad ng ating tungkulin at mga obligasyon. Sadyang laging listo at hindi nagsasayang ng oras.

Bilang mga pinagkakatiwalaang tagapagsunod sa Diyos, dapat tayo ang maging tagapamagitan ng mga gawaing maka-Diyos: ang pagbibigay ng pagkain ng tama sa oras. Hindi dapat nating pahintulutan ang gutom ay dumating sa ating mga

tahanan.

Bilang mga tagapagsunod, kelangang meron tayo nitong mga karakter: masunurin, masinop, matiyaga, nakatuon lamang sa mga gawain ng Diyos, listo, hindi hinahayaang makapasok ang mga magnanakaw, mapagpalaya (Unang Pagbasa), mamuhay ng daang matuwid (Ikalawang Pagbasa).

Kung gagampanan nating mabuti ang pagiging alagad, mas maraming responsibilidad ang iaatas sa atin. Ang isang responsableng alagad ay may oras para sa lahat.

Para sa taong tamad, hindi siya agad kumikilos maging sa iisang tungkulin. Siya ay nagrereklamo kung kailan wala ng oras. Ang ganitong uri ng alagad ay hindi mapagkakatiwalaan ng kahit nino man.

Ang Eukaristiya ay pagkain ng isang alagad.

Si Hesus ay isang alagad at ating punong abala. Hinihintay niya tayong kumilos ng may buong pusong pagyakap sa kanyang tawag. Sa Eukaristiya, dito natin nahahanap ang kapahingahan sa ating pagtratrabaho. Dito, kinakalinga niya tayo, binibigyan ng lakas sa gitna ng ating paghihirap at pagkakamali. Sa Eukaristiya, siya ay nagbibigay sa atin ng lakas upang maging mabuti at tapat na mga alagad.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Nababanaag ba sa iyong buhay ang iyong pananampalatayang Kristiyano? Naging inspirasyon ka ba sa iba?

2. Ikuwento ang ibang buhay ng mga dakilang tao sa mundo na hindi mga Kristiyano ngunit nagbigay inspirasyon sa iba. Ano ang hamon nito sa ating Kristiyanismo?

(Pangwakas na Panalangin, pahina ii)

Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**
Isinalin ni Enrique de la Torre